

Paunawa sa Pampublikong Pagdinig

Marso 18, 2026

PARA SA: MGA INTERESADONG PARTIDO

MULA SA: TAGAPAGPAGANAP NA OPISYAL / APCO

PAKSA: **Paunawa sa Pampublikong Pagdinig – Mga Iminumungkahing Pag-aamyenda sa Regulasyon 11: Mga Mapanganib na Pollutant, Tuntunin 18: Pagbabawas ng Panganib mula sa Mga Nakakalasong Emission sa Hangin sa mga Kasalukuyang Pasilidad**

Ang Lupon ng mga Direktor ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area (Distrito ng Hangin) ay magsasagawa ng pampublikong pagdinig sa Board Room sa^{unang} palapag ng Headquarter ng Distrito ng Hangin sa 375 Beale Street, San Francisco, California, sa **Miyerkules, Hunyo 3, 2026, sa ganap na 10:00 am**, o sa lalong madaling panahon pagkatapos nito kung kailan maaaring dinggin ang usapin. Makakadalo rin sa pulong sa pamamagitan ng Zoom sa [website ng Distrito ng Hangin](#).

Isasaalang-alang ng Lupon ang:

- Paggamit ng Mga Iminumungkahing Pag-aamyenda sa Regulasyon 11: Mga Mapanganib na Pollutant, Tuntunin 18: Pagbabawas ng Panganib mula sa Mga Nakakalasong Emission sa Hangin sa mga Kasalukuyang Pasilidad (Tuntunin 11-18); at
- Paggamit ng mga iminumungkahing pagbabago sa Mga Pamamaraan sa Pagpapatupad sa Tuntunin 11-18.

Maglalabas ang Distrito ng Hangin ng Paunawa sa Pampublikong Pagdinig at tumatanggap ito ng mga komento sa mga iminumungkahing pag-aamyenda sa Tuntunin 11-18, iminumungkahing pagbabago sa Mga Pamamaraan sa Pagpapatupad sa Tuntunin 11-18, at iba pang sumusuportang materyales.

BACKGROUND

Ginamit ng Distrito ng Hangin ang Tuntunin 11-18 noong 2017 upang tugunan ang mga pasilidad na may mga emission ng nakakalasong nagkokontamina sa hangin na dahilan ng malalaking panganib sa mga kalapit na residente at manggagawa. Layunin ng Tuntunin 11-18 na pagtuunan ang mga kasalukuyang pasilidad na nagdudulot ng pinakamalalaking epekto sa kalusugan sa buong Bay Area at hilingin sa mga pasilidad na ito na bawasan ang mga epektong iyon.

Binigyang-diin sa mga alalahanin mula sa mga grupong pangkomunidad at komite ng Distrito ng Hangin ang mga pagkaantala sa pagpapatupad ng Tuntunin 11-18, partikular na sa pagsasapinal ng mga pagsusuri ng panganib sa kalusugan (health risk assessment, HRA) at Planong Pagbawas ng Panganib (Risk Reduction Plan, RRP).

Dagdag pa rito, ang Landas patungo sa Malinis na Hangin na Planong Pagbabawas ng Emission ng Komunidad (Path to Clean Air Community Emission Reduction Plan, PTCA CERP) ng Richmond-North Richmond-San Pablo ay nananawagan ng mga pagbabago sa Tuntunin 11-18 upang mapabuti ang husay at kalinawan. Bilang tugon, ang Distrito ng Hangin ay gumagawa ng mga pag-aamyenda upang mapabilis ang pagbawas ng panganib at mapahusay ang pagpapatupad ng programa.

MGA IMINUMUNGKAHING PAG-AAMYENDA

Nilalayon ng mga iminumungkahing pag-aamyenda na ayusin ang pangangasiwa ng programa upang ipatupad ang mga bahagi ng pagbawas ng panganib ng tuntunin sa lalong madaling panahon. Kabilang sa mga pangunahing pagbabago ang:

Mga Pagsusuri ng Panganib sa Kalusugan (HRA)

- Hihilingin sa mga pasilidad na maghanda ng mga paunang HRA gamit ang mga protocol sa pagmomodelo na inaprubahan ng Distrito ng Hangin. Gagamitin ng mga protocol ang mga naka-standardize na pamamaraang naka-customize gamit ang impormasyong partikular sa lugar na nagbibigay-daan para sa higit na kahusayan sa pamamagitan ng paggamit ng kaalamang partikular sa pasilidad at mga mapagkukunan, at pagpapahintulot sa higit pang paunang HRA na sabay-sabay na magpatuloy;
- Bigyan ng awtoridad ang Distrito ng Hangin upang suriin, itama, at aprubahan ang mga input at resulta ng HRA;
- Magtakda ng mga partikular na deadline upang tumugon ang mga pasilidad sa mga komento at pagwawasto ng Distrito ng Hangin;
- Gawing pormal ang kasalukuyang kasanayan ng pagsasagawa ng panahon ng pampublikong komento sa paunang HRA kasabay ng umiiral na 90 araw na panahon ng komento para sa pasilidad; at
- Balangkasin kung ano ang mangyayari kapag maaaring makaapekto ang karagdagang pagsusuri o data ng mga emission sa mga resulta ng HRA at status ng Antas para sa Pag-aksyon sa Panganib (Risk Action Level, RAL) ng pasilidad.

Mga Planong Pagbawas ng Panganib (RRP)

- Baguhin ang terminolohiya at timeline na nauugnay sa pagsusuri ng distrito sa draft na Mga Planong Pagbawas ng Panganib (RRP) bago ang pampublikong komento; at
- Linawin ang mga sitwasyon kung saan maaaring magbigay ng mga palugit sa pagpapatupad ng RRP o maaaring magbigay ng hakbang sa pagbawas ng panganib.

Bumuo rin ang mga kawani ng mga iminumungkahing pagbabago sa Mga Pamamaraan ng Pagpapatupad sa Tuntunin 11-18 na kinabibilangan ng pag-angkop sa iminumungkahing inamyendahang wika ng tuntunin; pagpapahusay sa linaw at pagiging madaling mabasa; at pagtukoy sa tungkulin, saklaw, at proseso para sa Panel sa Paglutas ng Hindi Pagkakasundo na inaasahang duminig sa mga hindi pagkakasundo sa pagitan ng mga planta at Distrito ng Hangin tungkol sa mga teknikal na isyu.

IMPORMASYON AT MGA KOMENTO

Ipina-publish para sa pampublikong pagrepaso at komento ang Mga Iminumungkahing Pag-aamyenda sa Tuntunin 11-18, iminumungkahing pagbabago sa Mga Pamamaraan

ng Pagpapatupad sa Tuntunin 11-18, at iba pang sumusuportang materyales. Binabalangkas sa Ulat ng Mga Kawani ang pagpapaliwanag para sa mga iminumungkahing pag-aamyenda sa tuntunin, konteksto ng regulasyon, talakayan sa mga inaasahang epekto ng mga pag-aamyenda, at socioeconomic na pagsusuri. Naghanda ang mga kawani ng Distrito ng Hangin ng nakasulat na pagsusuri na naglalarawan sa konteksto ng regulasyon ng mga pag-aamyenda alinsunod sa California Health and Safety Code § 40727.2, pati na rin sa addendum sa 2017 na Ulat sa Epekto sa Kapaligiran (Environmental Impact Report, EIR) ng Distrito ng Hangin para sa Tuntunin 11-18 alinsunod sa Batas sa Kalidad ng Kapaligiran ng California (California Environmental Quality Act, CEQA) na naglalarawan sa mga pag-aamyenda at tumatalakay sa kung bakit hindi kinakailangan ang kasunod o karagdagang EIR.

Para sa mga kopya ng mga iminumungkahing materyales ng package, kabilang ang nakasulat na pagsusuri alinsunod sa California Health and Safety Code § 40727.2 at sa addendum sa CEQA, bisitahin ang www.baaqmd.gov/ruledev o hilingin ang mga ito kay Greg Nudd na maaaring makaugnayan sa pamamagitan ng email sa ruledevelopment@baaqmd.gov, sa pamamagitan ng telepono sa (415) 749-4653, o sa pamamagitan ng pagsulat sa Rule Development, Bay Area Air Quality Management District, 375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105. Ang mga nakasulat na komento sa mga iminumungkahing materyales ng package ay dapat ipadala kay Greg Nudd sa Rule Development, Bay Area Air Quality Management District, 375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105. Maaari ding ipadala ang mga komento sa pamamagitan ng e-mail sa ruledevelopment@baaqmd.gov. **Ang mga komento sa mga iminumungkahing pag-aamyenda sa Tuntunin 11-18 at mga kaugnay na materyales ay hinihiling bago ang Abril 19, 2026 nang 5:00 PM.** Malugod na tinatanggap ang mga berbal na komento hanggang sa araw ng at habang isinasagawa ang Pamublikong Pagdinig.